

WARM-UP

- Nakadalo ka na ba sa isang pangyayari kung saan maraming tao? Ano ang kadalasang ginagawa mo kapag hindi mo nakikita kung ano ang nangyayari sa entablado?
- May pagkakataon ba na may hinanap kang tao at nalaman mo na hinahanap ka rin pala niya? Ikuwento kung ano ang nangyari.
- May kinuha ka na bang bagay na hindi mo pag-aari na kinailangan mong ibalik sa tunay na may-ari? Ano ang ginawa mo?

WORD *⁹Sinabi sa kanya ni Jesus, "Dumating na ngayon ang kaligtasan sa sambahayang ito, dahil siya ay mula rin sa lahi ni Abraham. ¹⁰Sapagkat ako na Anak ng Tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang naliligaw."*

LUCAS 19:9,10

(Basahin din ang **LUCAS 19:1-8.**)

Naparito si Jesus upang hanapin at iligtas ang mga naliligaw. Hindi Siya tumatangi kaninuman. Kahit sino pa tayo at anupaman ang nagawa natin, kaya Niyang baguhin ang ating mga puso at ang ating buhay. Ngayon, titignan natin kung paano tinanggap ni Zaqueo si Jesus sa buhay niya at hinayaang baguhin ang kanyang puso.

1 | Hinangad ni Zaqueo na makita si Jesus.

³*Gusto niyang makita kung sino talaga si Jesus, pero dahil pandak siya at marami ang tao doon ay hindi niya ito magawa.*

⁴*Kaya patakbo siyang nagpauna at umakyat sa isang puno ng sikomoro upang makita si Jesus na dadaan doon.* **LUCAS 19:3,4**

Kung may labis tayong hinahangad, ginagawa natin ang lahat ng kaya nating gawin upang mahanap ito. Ito ang ginawa ni Zaqueo. Determinado siyang makilala si Jesus kung kaya't umakyat siya sa puno para lang makita Siya. Gaya ni Zaqueo, marami tayong maaaring gawin sa paghahangad natin na makita ang Diyos. Ano ang mga ginawa mo upang mas makilala Siya? Ano ang sinasabi sa Deuteronomio 4:29 tungkol sa kung paano natin dapat hanapin ang Diyos?

2 | Pinasimulan ni Jesus ang pagkikita nila ni Zaqueo.

Pagdating ni Jesus sa lugar na iyon, tumingala siya at sinabi, "Zaqueo, bumaba ka agad, dahil kailangan kong tumuloy sa bahay mo ngayon." **LUCAS 19:5**

Sa kultura ng mga Judio, ang pag-imbita sa isang tao upang kumain sa iyong tahanan ay nangangahulugan ng pagtanggap. Ang paghahayag ni Jesus sa publiko ng plano Niya na kumain kasama ni Zaqueo, isang kolektor ng buwis, ay nagpapakita kung ano ang tingin ni Jesus kay Zaqueo. Habang tinatanggap natin si Jesus sa ating buhay, ipinapakita Niya ang Kanyang sarili sa atin at ipinapaalam ang intensiyon Niyang manatili sa ating mga puso. Subalit minsan, ang nakaraan natin at ang mga taong nakaka-alam nito ay maaaring magduda sa ugnayan natin kay Jesus, gaya ng pagbatikos ng mga tao nang makita nilang pumasok si Jesus sa bahay ni Zaqueo (Lucas 19:7). May pagkakataon bang inisip mo na hindi ka karapat-dapat na tumanggap kay Jesus? Paano mo natutunang hangarin ang Diyos sa kabila ng mga opinyon ng tao?

Binago ni Jesus ang puso ni Zaqueo at dinala sa bahay niya ang kaligtasan.

“Sa loob ng bahay niya ay tumayo si Zaqueo at sinabi, “Panginoon, ibibigay ko po sa mga mahihirap ang kalahati ng kayamanan ko. At kung may nadaya akong sinuman, babayaran ko ng apat na beses ang kinuha ko sa kanya.” ⁹*Sinabi sa kanya ni Jesus, “Dumating na ngayon ang kaligtasan sa sambahayang ito, dahil siya ay mula rin sa lahi ni Abraham.”* **LUCAS 19:8,9**

Ang ginawa ni Jesus ay nagdulot ng tapat na kagustuhang magbago mula kay Zaqueo. Nakatanggap siya ng kaligtasan hindi dahil sa mabuti niyang gawa kundi dahil sa pagtanggap niya kay Jesus sa kanyang puso. Tulad niya, hindi pa huli ang lahat para sa atin upang pahintulutang ituwid tayo ng kabutihan, pagmamahal, at pangtanggap ni Jesus sa ating mga puso. Ano ang sinasabi ng Mga Taga-Roma 2:4 tungkol sa kabutihan ng Diyos sa atin? Ano ang ilan sa mga bagay na binitawan mo upang sumunod kay Jesus? Paano ka natutulungan ng Kanyang kabutihan upang makapagministeryo sa iba?

APPLICATION

- Ano ang maaari mong gawin upang mas makilala si Jesus? Paano mo matutulungan ang iba upang mas hangarin na makilala Siya?
- Paano binago ng nakapagliligtas na pag-ibig ng Diyos ang kalooban mo at paano ito nakita ng iba? Kanino mo maaaring ibahagi ang iyong patotoo?
- Paano mo matutulungan ang ibang tao upang mamuhay sa paraang nakalulugod sa Diyos? Mangakong lalapitan sila ngayong linggo upang palakasin ang kanilang loob.

